SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

# KAPASIYAHAN BLG. 2021-40

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG PAMBARANGAY BLG. 01, H-2021 NA NAGTATAKDA NG MGA KAUTUSAN AT ALINTUNTUNIN PARA SA MAAYOS AT LIGTAS NA DALOY NG TRAPIKO NA LALONG KILALA SA (DILG MEMORANDUM CIRCULAR 2020-272.0) ROAD CLEARING ANG ILLEGAL STRUCTURES AT ALINSABAY NITO AY MAG-PATUPAD NG MGA KAPARUSAHAN PARA SA MGA PAGLABAG AT TAMANG DISIPLINA PARA SA MAMAMAYAN NG BARANGAY CAMBAOG AT DUMADAYO DITO MULA SA GILID NG KALSADA KASAMA ANG DRAINAGE CANAL SA KAHABAAN NG GENERAL ALEJO SANTOS HIGHWAY AT MGA LOOBANG SAKOP NG BARANGAY CAMBAOG, BUSTOS, BULACAN."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Martin SJ. Angeles**
*Tagapangulo*
Lupon sa Kaligtasang Bayan at Kaunlarang Barangay

---

**SAPAGKA'T,** ang layunin ng Sangguniang Barangay ng Cambaog na mapaluwag, mapabilis ang daloy ng trapiko at maiwasan ang mga nakakaabala sa kalsada;

**SAPAGKA'T**, ang Kautusang Barangay na ito ay tumatalima sa Memorandum Circular No.2020-145 na inilabas ng Department of Interior and Local Government noong Oktubre 2020;

**SAPAGKA'T**, isinasaad sa Sekyon 17(b) ng Batas Republika 7160 o mas-kilala bilang Local Government Code of 1991 na nag-uutos sa mga namumuno na panatilihing walang nakakasagabal sa mga kalsadahin sa kanilang hurisdiksyon;

**SAPAGKA'T**, isinasaad sa Seksyon 64 ng Pambayang Kautusang Blg. 24, S-2008, o ang Traffic Code ng Bustos kung saan ipinagbabawal ang anumang nakakahadlang sa maayos na daloy ng trapiko.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MARTIN SJ. ANGELES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kautusang Pambarangay Blg. 01, H-2021 na nagtatakda ng mga kautusan at alituntunin para sa maayos na daloy ng trapiko na lalong kilala sa (DILG) Memorandum Circular 2020-272.0) Road Clearing and Illegal Structures at alinsabay nito ay magpatupad ng mga kaparusahan para sa mga paglabag at tamang disiplina para sa mamamayan ng Barangay Cambaog at dumadayo ditto mula sa gilid ng kalsada kasama ang drainage canal sa kahabaan ng General Alejo Santos Highway at mga loobang sakop ng Barangay Cambaog, Bustos, Bulacan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-9 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ Angeles**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

——■——

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-9 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim